Republic of the Philippines
**Department of Education**
REGION VIII - EASTERN VISAYAS

**Advisory No. 12, s. 2026**
**January 12, 2026**
In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
This advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit deped.in/region8.deped.gov.ph)

**PANDAIGDIGANG WEBINAR-TRAINING SA ARALING PANLIPUNAN**

Kalakip ang isang kominikasyon mula kay Vasil A. Victoria Phd, Punong Tagapamahala ng Gawain ng Samahan ng mg Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino (SAGIF, Inc.), hinggil sa Pandaigdigang Webinar-Training sa Araling Panlipunan na may temang " Institusyonalisasyon at Internasyonalisasyon ng Araling Filipino (Philippine Studies) sa Konteksto ng Bagong Pilipinas at Lagpas Pa " na magaganap sa ika-20-22 ng Pebrero, 2026. Ito ay ONLINE na gawain.

Ang SAGIF, Inc. ay isang rehistradong samahan ng Securities and Exchange Commission. Isa sa mga layuning ng webinar-training ay ang matalakay ang mga napapanahong kalakaran at kairalan kaugnay sa Aralin/Agham Panlipunan at ang maitampok ang institusyunalisasyon at internasyonalisasyon ng Araling Filipino sa konteksto ng Bagong Pilipinas .

Ang mga kalahok sa webinar-training na ito ay ang mga guro ng/ sa Araling Panlipunan.

Para sa karagdagan at iba pang tanong at paglilinaw, maaring makipag-ugnayan kay:

**VASIL A. VICTORIA PhD**
Punong Tagapamahala ng Gawain
09171635478/09399042269
vvictoria@qbox.edu.ph/b_bical@yahoo.com

Dahil ito ay isang Advisory, binibigyan ng kapangyarihan ang mga Schools Division Superintendents na magpasya tungkol sa bagay na ito.

CLMD-MSB

DEPARTMENT OF ED. RECORDS SECTION REGIONAL OFFICE
RELEASED
12
Date: 1/13/26

Outlook

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
RECORDS SECTION REGIONAL OFFICE NO. VIII
DATE: 01-08-26
TRACKING #: 281 TIME: 1:42 pm
SIGNATURE:

## Update

From Vasil A. Victoria <vvictoria@gbox.adnu.edu.ph>
Date Thu 1/8/2026 10:32 AM
To REGION VIII EASTERN VISAYAS <region8@deped.gov.ph>

DEPARTMENT OF EDUCATION ★ REGION VIII, EASTERN VISAYAS
RECEIVED
1/9/26 2:58 pm
OFFICE OF THE REGIONAL DIRECTOR
SIGNATURE

2 attachments (187 KB)
R8-SS.pdf; Programa 2026 SS.docx;

Sa Kinauukulan:

Malusog at masagana pong Bagong Taon sa ating lahat.

Tuloy na tuloy na po ang **Pandaigdigang Webinar** sa Araling Panlipunan sa ika-20-22 ng Pebrero 2026. ONLINE po tayo.

Nais lamang po namin sanang mag-update ng inyong Regional Advisory.

**12 CPD pts** po ang gawaing ito, may walong bigating tagapanayam na historyan, at **24 oras** ang bentaha sa pagdalo sa PANDAIGDIGANG WEBINAR na ito.

Nawa ay makapagpalabas din po kayo ng ADVISORY upang magamit ng mga guro sa kanilang ***ranking*** at ***reclassification***, makakuha ng *travel order*, maging opisyal na oras ito, at kampante po silang ***legit*** at ***valid*** ang dadaluhan nilang webinar.

Dios mabalos po.

--

**VASIL A. VICTORIA, PhD**
***Associate Professor V***
**Ateneo de Naga University**
09171635478

'To be human is to love.'

ono email
1/9/26

**Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino (SAGIF)**
**Lungsod Naga**
**SEC Company Reg. No 202108002154201**
**Telephone number (054) 884-0985**

15 Abril 2025

**Dr. EVELYN R. FETALVERO**
Direktor
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon VIII

Mahal na Direktor Fetalvero:

Makasaysayang araw po!

Ang ***Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino, Inc. (SAGIF, Inc.)*** sa Lungsod Naga (Camarines Sur), isang rehistradong Samahan sa *SEC* ay magdaraos ng **Pandaigdigang Webinar-Training** sa **Araling Panlipunang** may temang ***"Institusyonalisasyon at Internasyonalisasyon ng Araling Filipino (Philippine Studies) sa Konteskto ng Bagong Pilipinas at Lagpas Pa"*** na magaganap sa **ika-20-22 ng Pebrero 2026**. Ito ay ***ONLINE*** na gawain.

Layunin ng webinar-training ang sumusunod: **(1)** matalakay ang mga napapanahong kalakaran at kairalan kaugnay sa Aralin/Agham Panlipunan, **(2)** maitampok ang institusyonalisasyon at internasyonalisasyon ng Araling Filipino sa konteksto ng Bagong Pilipinas at lagpas pa, **(3)** maibahagi ang mga natatanging danas kaugnay sa lipunang Pilipino sa pag-unawa ng ating kaakuhan, identidad, o pagkakakilanlan bilang mga Pilipino, **(4)** maipaliwanag ang gampanin ng mga edukador, historyan, *social influencer* sa pagbubuo ng pagka-Pilipino, **(5)** madiskurso ang mga kuwento at karanasang lokal sa pagpapapatag ng Araling Filipino, **(6)** maipakita ang mga napapanahong pag-aaral kaugnay sa Aralin/Agham Panlipunan **(7)** mailarawan ang gampanin ng *social media* sa pag-aaral ng Araling Panlipunan, at **(8)** maisakonteksto ang pagtuturo-pagkatuto ng Araling Panlipunan sa ika-21 Siglo.

Kaugnay nito ay humihiling po sana ang aming *SAGIF, Inc.* makakuha mula sa inyong opisina ng **ADVISORY** upang makalahok at makadalo ang mga guro ng/sa Araling Panlipunan at makuha rin sila ng **TRAVEL AUTHORITY**. May rehistrasyon po itong **Php 1000** hanggang sa Mayo 31, 2025. May ***CPD UNITS*** din po ito mulang *PRC*.

Nawa'y magkaroon ng positibong tugon ang sulat na ito sa pagpapatuloy at pagpapaalab ng de-kalidad na edukasyon lalo na't pagpapalakas ng **kaguruan ng/sa Araling Panlipunan**. Sa karagdagan at iba pang tanong at paglilinaw, maaari pong makipag-ugnayan sa teleponong **09171635478/09399042269** o sa *email address* na vvictoria@gbox.adnu.edu.ph o **b_bical@yahoo.com**.

Dalangin po namin ang inyong positibong pagtugon.

Dios mabalos po.

Lubos na gumagalang,

**Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino (SAGIF)**
**Lungsod Naga**
**SEC Company Reg. No 202108002154201**
**Telephone number (054) 884-0985**

**VASIL A. VICTORIA, PhD**
Punong Tagapamahala ng Gawain

**MELINDA R. CARDANO, EdD**
Pangulo ng SAGIF